

COVID-19: Pangkalahatang Gabay sa mga Operator ng Sasakyan

Nagbibigay ang dokumentong ito ng pangkalahatang gabay at mga pag-iingat sa kaligtasan upang tulungan ang mga operator ng sasakyan na hindi pang-emergency na protektahan ang kanilang sarili at kanilang mga pasahero, at upang tulungang pabagalin ang pagkalat ng COVID-19. Dapat sundin ng mga kontratista ng medikal na pasilidad na nagsasakay ng mga pasyente ang mga alituntunin ng kanilang kompanya.

Isaisip ang mga apat na pangunahing gagawing ito upang iwasan ang transmisyong COVID-19:

- **Manatili sa bahay kung may sakit.**
 - Subaybayang mabuti ang kalusugan mo para sa mga sintomas ng COVID-19, tulad ng ubo, kakapusan ng hininga, lagnat, mga pangangaligkig, pananakit ng kalamnan, pamamaga ng lalamunan o panibagong pagkawala ng panlasa o pang-amoy. Hindi inklusibo ang listahang ito. Iba pang hindi karaniwang sintomas ay naiulat, kasama ang mga sintomas sa tiyan tulad ng pagkaduwal, pagsusuka o pagtatae. Maaaring magpakita ang mga mas matandang adulto ng pagkalito o pagkabagabag at makaranas ng mga pagkatumba.
 - Magpa-test para sa COVID-19 nang wala kang gagastusin. Bisitahin ang nyc.gov/covidtest upang humanap ng site sa pag-test.
 - Kung nagkaroon ka o maaaring nagkaroon ng COVID-19, manatili ka sa bahay hanggang totoo ang **lahat** ng mga sumusunod:
 - Hindi bababa sa 14 na araw na ang lumipas mula nang mag-umpisa ang iyong mga sintomas o, kung walang mga sintomas, 14 na araw pagkatapos ng iyong unang positibong test.
 - Hindi ka kailanman nagkaroon ng lagnat sa unang tatlong araw nang hindi umiinom ng mga gamot na nagpapababa ng lagnat tulad ng Tylenol o ibuprofen
 - Bumuti ang iyong kalusugan sa pangkalahatan
 - Dapat maghintay ang ilang manggagawa na nagkaroon o maaaring may COVID-19 nang mas matagal bago bumalik sa trabaho base sa mga kinakailangan ng Estado ng New York (NYS).
- **Panatilihin ang pisikal na paglayo sa iba.**
 - Magpanatili ng hindi bababa sa 6 feet na layo sa pagitan mo at ng iba sa tuwing maaari.
 - Hilingan ang mga pasahero na umupo sa likod ng sasakyan upang lumikha ng pisikal na distansya. Kung may partisyong ang sasakyan, isara ang partisyong bago magpasakay ng mga pasahero. Kung walang partisyong ang sasakyan, isaalang-alang ang paglalagay ng malinaw na plastic na harang sa pagitan ng harap at likod ng sasakyan. **Dapat hindi appektuhan ng harang ang pagiging nakikita ng salamin sa likod.** Para sa mga sasakyan na lisensiyado ng Taxi and Limousine Commission (TLC), dapat sundin ng mga driver ang gabay ng TLC sa paglalagay ng partisyong.

- Magsakay lang ng mga pasahero na kabilang sa parehong grupo. Hindi pinapahintulutan ang mga group ride (tinatawag din na mga “shared” o “pooled” na ride) (maliban sa mga paratransit na sasakyan).
 - Gamitin ang mga labasan ng hangin ng sasakyan upang pumasok ang hangin mula sa labas at buksan ang mga bintana. Iwasan ang paggamit ng opsiyon ng recirculated air.
- **Magsuot ng pantakip sa mukha.**
 - Magsuot ng pantakip sa mukha. Hinihilingan ng Utos ng Ehekutibo ng NYS 202.18 ang mga driver na magsuot ng pantakip sa mukha kapag nagsasakay ng mga pasahero. Lahat ng mga pasahero na lampas sa edad na dalawa na matitiis ito ay dapat magsuot ng pantakip sa mukha. Para sa higit na impormasyon tungkol sa mga pantakip sa mukha, bisitahin ang nyc.gov/health/coronavirus at hanapin ang [FAQ About Face Coverings \(FAQ Tungkol sa mga Pantakip sa Mukha\)](#).
- **Gawin ang malusog na personal na kalinisan.**
 - Madalas na hugasan ang mga kamay ng sabon at tubig sa loob ng hindi bababa sa 20 segundo, lalo na pagkatapos mong humawak ng pera o mga bag ng pasahero, gumamit ng banyo, suminga, umubo o bumahing. Gumamit ng hand sanitizer na may alkohol kung walang sabon at tubig.
 - Takpan ang bibig at ilong gamit ang tisyu o braso mo kapag bumabahing o umuubo; huwag gamitin ang mga kamay mo.
 - Magkaroon ng mga tisyu at hand sanitizer sa iyong sasakyan para sa mga pasahero.
 - Himukin ang mga opsiyon ng pagbabayad na touchless. Bawasan ang paghawak ng pera at mga credit card.
 - **Huwag** ipanghipo sa iyong mga mata, ilong at bibig ang mga hindi nahugasang kamay.
 - **Huwag** makipagkamay o mag-alok ng tubig sa bote, babol gam, o iba pang bagay sa mga pasahero.
- **Palaging linisin at idisimpekta ang iyong sasakyan.**
 - Magbigay ng matamang pansin sa mga ibabaw at bagay na madalas hawakan ng mga pasahero, tulad ng mga hawakan ng pinto, buton ng bintana, lock, payment machine, arm rest, kutson ng upuan, buckle at sinturong pangkaligtasan. Punasan ang mga ibabaw na madalas mong hawakan, tulad ng manibela, mga buton ng radyo, pansenyas na ilaw at lalagyan ng inuman.
 - Tanggalin muna ang makikitang dumi. Saka gumamit ng mga regular na produkto sa pagdisimpekta (halimbawa, pangkula, peroxide o mga may alkohol na multi-purpose na produkto) na angkop para sa ibabaw upang tanggalin ang mga mikrobyo. Ang mga disinfectant ay pinakaepektibo sa mga malinis na ibabaw. Basahin at sundin ang mga etiketa ng mga produkto sa paglilinis at disinfectant.
 - Magsuot ng mga disposable na guwantes at anumang ibang nagpoprotektang kasuotan kapag naglilinis at nagdidisimpekta. Itapon ang mga guwantes sa basurahan pagkatapos gamitin at hugasan ang mga kamay ng sabon at tubig o gumamit ng hand sanitizer na may alkohol kung walang sabon at tubig.
 - Panatilihin bukas ang mga pintuan ng sasakyan habang naglilinis at nagdidisimpekta.

- Maghintay hanggang sa matuyo ang lahat ng mga ibabaw bago tumanggap ng mga pasahero.
- Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa paglilinis at pagdisimpekta, bisitahin ang nyc.gov/health/coronavirus at hanapin ang [General Guidance for Cleaning and Disinfection for Non-Health Care Settings \(Pangkalahatang Gabay sa Paglilinis/Pagdisimpekta para sa Setting na Hindi Pangangalagang Pangkalusugan\)](#) sa pahinang [Guidance for Businesses \(Gabay sa mga Negosyo\)](#).

Ihiwalay ang mga katotohanan sa takot at mag-ingat laban sa stigma.

- Hindi dapat maging dahilan ang biglang paglitaw ng sakit upang ikalat ang rasismo at diskriminasyon. Illegal na idiskrimina ang mga pasahero o magiging pasahero dahil sa lahi, bansang pinagmulan o iba pang pagkakakilanlan.
- Kung ikaw ay ginigipit o dinidiskrimina dahil sa iyong lahi, bansang pinagmulan o iba pang pagkakakilanlan, kontakin ang Komisyon sa mga Karapatang Pantao ng NYC sa pamamagitan ng pagtawag sa **311** at pagsasabi ng “human rights” (mga karapatang pantao) o sa pamamagitan ng pagbisita sa nyc.gov/cchr at pagpindot sa “Report Discrimination” (lulat ang Diskriminasyon).

Alagaan ang iyong sarili at iyong pamilya

- **Aklatan ng app sa nyc.gov/nycwell:** Mga online na kasangkapan sa kagalingang pangkalusugan at emosyonal.
- **NYC Well:** Libreng suporta sa kalusugan ng isip, na mayroon 24/7 para sa maikling counseling at mga referral. Tumawag sa 888-692-9355 o makipag-chat nang online sa nyc.gov/nycwell.
- **Helpline ng Emosyonal na Suporta sa COVID-19 ng NYS:** Mga sinanay na propesyonal na naroroon upang makinig, sumuporta at magsangguni ng pangangalaga kung kinakailangan. Tumawag sa 844-863-9314 sa pagitan ng 8 a.m. at 10 p.m. sa anumang araw ng linggo.
- **NYC Health + Hospitals:** Nagkakaloob ng pangangalaga sa lahat ng New Yorker, anuman ang katayuang pang-imigrasyon o kakayahan sa pagbabayad. Tumawag sa 844-692-4692 o **311**.

Manatiling may kaalaman

- Bisitahin ang nyc.gov/health/coronavirus para sa impormasyon sa COVID-19.
- Magpaskil ng impormasyon para sa mga pasahero sa likuran ng iyong upuan. Bisitahin ang nyc.gov/health/coronavirus para sa mga poster at flyer.
- Para sa karagdagang gabay sa Pagbubukas Muli ng NYC, bisitahin ang nyc.gov/health/coronavirus at pumunta sa pahinang [Guidance for Businesses \(Gabay sa mga Negosyo\)](#).

Maaaring baguhin ng Kagawaran ng Kalusugan ng NYC ang mga rekomendasyon habang nagbabago ang sitwasyon.

6.29.20